WHAT'S INSIDE?

3 ADS: LEGAL NOTICE

VOLUME 3 No. 48 ISSN No. 2984-7249 Oct. 07, 2024 - Oct. 13, 2024

FLAG RAISING CEREMONY: WELCOME, LGU OF ODIONGAN, ROMBLON

MASAYA at aktibong sinimulan ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, kasama si Vice Mayor Hon. Rommel *'Bim'* Ignacio, mga Department/Office Head & Program Manager, at mga empleyado ang panibagong linggo ng paglilingkod, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng Regular Monday Flag Raising Ceremony sa Calapan City Hall, noong ika-23 ng Setyembre sa pangunguna ng City Accounting and Internal Audit Department na pinamumunuan ni City Accountant, Mr. Edgardo C. Basilan, CPA.

Malugod at mainit na tinanggap ng LGU ng Calapan ang mga dumating na bisita mula sa Pamahalaang Bayan ng Odiongan, Romblon sa pangunguna ni Municipal Mayor Trina Alejandra Q. Firmalo-Fabic, kasama ang mga Hepe ng kanilang mga departamento at opisina, gayundin ang mga miyembro ng kanilang Sangguniang Bayan na magsasagawa sa lungsod ng *'Benchmarking'*.

"Nawa po ang inyong pagbisita dito sa aming Lungsod ay maghatid ng masaganang kaalaman hindi lamang sa inyong bayan kundi po para sa ating lahat at ito ay makapagpatibay ng pagtutulungan, para sa mas maayos at progresibong pamamahala ng Lungsod ng Calapan at ng Odiongan, Romblon." - City Mayor Marilou Flores-Morillo

Samantala, ibinahagi rin ng punong-lungsod bilang kinatawan ng Calapan ang kanyang matagumpay na pakikilahok sa isinagawang ASEAN Mayors Forum 2024 at Meeting of Governors and Mayors of the ASEAN Capitals sa Vientiane, Lao PDR, kung saan nagsama-sama ang mga city leaders mula sa buong ASEAN, upang pasiglahin at palakasin ang kolaborasyon, para sa pagbuo ng sustainable and livable cities, para sa isang mas tiyak na maliwanag at mas matatag na hinaharap (Cedric Errol A. De Guzman/ CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE

PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM ISSN No. 2984-7249

DEFYING ODDS: A DYSLEXIC DEBUTED HER BOOK AT THE BIGGEST BOOK FAIR

From 11th September to 15th September 2024, the largest and longest-running book fair in the Philippines, the 2024 Manila International Book Fair (MIBF) showcased a diverse range of books in several genres from international and local authors. Kaye Tolentino (a.k.a. Miss Kaye) has officially debuted her book, Guess How Marion Feels, in the Philippines. Inspired by a challenge she overcame, she wrote a book to help parents, teachers and guardians support their kids by teaching social and emotional skills. Often, we associate dyslexia with difficulties in reading and writing. But there is a dyslexic condition that comes along with what is called auditory processing disorder or APD for short.

According to www.succeedwithdyslexia.org, APD is a difference in how the brain processes sounds and language that surround it every day. This is a challenge that could result in misunderstandings due to confusion in sounds, actively turning to face an ear towards the speaker, difficulties in expressing themselves clearly, etc.

Miss Kaye is passionate about helping others who might be secretly struggling. Her book, Guess How Marion Feels, offers a resource for recognizing and naming emotions through facial expressions. Good for kids in their early childhood development stage. This interactive book is also a valuable tool and inclusive as it caters for both neurodivergent (e.g., APD, autistic), and neurotypical.

Her book, Guess How Marion Feels, is available in paperback printed by Sinag Publishing Press. She was present at the Kahel Press booth for book signing on 11 September for book signing.

Let's support our fellow Lagunenses, Miss Kaye and Sinag Publishing Press!



TINGNAN: Umabot sa mahigit 700 indibidwal ang nabiyayaan ng programang Ayuda para sa Kapos ang Kita o AKAP sa mga bayan ng Baco, San Teodoro at Puerto Galera sa isinagawang payout noong, Setyembre 23, kasabay ng pagbisita ni Governor Humerlito *"Bonz"* A. Dolor sa naturang mga bayan. Ang naturang ayuda ay kaloob ng tanggapan ni Speaker Ferdinand Martin R. Romualdez sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ni Governor Bonz. Tumanggap ang mga benepisyaryo ng tig P3,000 libong piso na pinangasiwaan ng Department of Social Welfare and Development.

Ayon kay Governor Bonz, patuloy ang Pamahalaang Panlalawigan sa paghahanap ng mga programang makatutulong sa pag-angat ng pamumuhay ng bawa't isang Mindoreño.

Hinikayat din niya ang mga opisyal sa bawat bayan na ipagpatuloy ang pagkakaisang nasimulan, sapagka't aniya, kung nagkakaisa ang mga lider ay makakamit ang pag-unlad at ang mga mamamayan ang higit na makikinabang. Samantala, umabot naman sa 100 mangingisdang naapektuhan ng oilspill ang naging benepisyaryo ng fuel subsidy mula sa BFAR sa bayan ng San Teodoro.

Nagpahayag din ng kanilang suporta at pakikiisa sina Provincial Administrator Hubbert Christopher A. Dolor, Board Member Alely Casubuan-Tan, Board Member Fay Ilano-Navarro, Office of the Vice Governor Executive Assistant Miko Atienza, City Councilor Jun Panaligan, dating Board Member Ryan Arago, Baco Mayor Allan Roldan, San Teodoro Mayor Salvador Boyet Py at Vice Mayor Newton John Moreno, Puerto Galera Mayor Rocky Ilagan, mga myembro ng Sangguniang Bayan at iba pang mga opisyal. (PIO/Oriental Mindoro)

LIBRARY IN A BOX: STARBOOKS TURNOVER AND DEPLOYMENT CEREMONY, ISINAGAWA SA MALAD ELEMENTARY SCHOOL

SA presensya ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, binigyang-daan ang *"STARBOOKS (Science & Technology Academic and Research - Based Openly Operated Kiosk Station) Turnover and Deployment Ceremony"* sa Malad Elementary School sa Barangay Malad, Lungsod ng Calapan, noong ika-23 ng Setyembre.

Sa pamamagitan ni Engr. Delfin C. Cuevas Jr., napagkalooban ng Desktop ang Malad ES, samantalang ang mismong software naman nito ang binigyang tuon ng Department of Science and Technology (DOST) - MIMAROPA, sa pangunguna ni Mr. Jesse M. Pine (Provincial S&T Director).

Matatandaan na nitong nagdaang Enero ng taong kasalukuyan, sa ilalim ng administrasyong Morillo, pinasinayaan at ipinagkaloob ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan ang isang bagong gusali, para sa Malad ES.

Sa muling pagbisita ng punong-lungsod sa nasabing paaralan, nakita niya ang maayos na pagbabago at sitwasyon ng mga batang estudyanteng inaasahang maaari pang dumami, kaya naman hinikayat niya ang pamunuan ng paaralan na magpadala muli ng sulat sa kanyang opisina, para sa karagdagan pang mga silid-aralan.

Samantala, nagpapasalamat sina School Head Teacher, Ms. Jasmin G. Rayos at Barangay Chairman, Hon. Hector Africa, sa kanilang tulong, gayundin sa Malad Farmers Association, upang suportahan ang edukasyon ng mga estudyante, sa pamamagitan ng mga tulong na kanilang ipinagkaloob (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).

Republic of the Philippines
Department of Agriculture
BUREAU OF FISHERIES AND AQUATIC RESOURCES
REGIONAL OFFICE NO. 4-A
Purok 3, Brgy. Bambang, Los Baños, Laguna
Tel. No. (049) 544-81-83 | region4arecords@bfar.da.gov.ph

BAGONG PILIPINAS

NOTICE OF PUBLIC CONSULTATION

November 5, 2024

09:00 AM

National Brackishwater Fisheries Technology Center (NBFTC)
Sitio Iringan, Palsabangon, Pagbilao, Quezon.

PROPOSED FISHERIES ADMINISTRATIVE ORDER:

"FMA 12: ESTABLISHING A CLOSED SEASON FOR THE CONSERVATION OF BALI SARDINELLA IN TAYABAS BAY"

Inaanyayahan ang lahat ng stakeholder na lumahok sa gaganaping Public Consultation para sa Proposed Closed Season ng Tamban sa Tayabas Bay sa ika 5 ng Nobyembre 2024 sa National Brackishwater Fisheries Technology Center (NBFTC) sa Sitio Iringan, Palsabangon, Pagbilao, Quezon. Para sa mga karagdagang katanungan, maaring mag email sa frms.4a@bfar.da.gov.ph o tumawag sa (049) 544-81-31.

EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH SALE

Notice is hereby given that the estate of the late spouse's PATERNO ASCANO TANDOG AND RUPERTA CHAVEZ TANDOG who died intestate on JANUARY 21, 2015 AND OCTOBER 26, 2021 who left a real property covered by TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T – 118638 at Barrio Canubing Calapan Oriental Mindoro which has been extra judicially settled by their heirs with this EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH SALE, to IAN CHRISTOPHER ILAGAN DE LEON (the buyer) as per Doc. No. 228, Page No. 47, Book No. 18, Series of 2024, Notary Public Atty. Joan M. Escala.

Tamarao Journal
September 30, 2024 & October 7 & 14, 2024

AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE (ATI) - MIMAROPA

PERSONAL na dumalo at nagpakita ng pagsuporta si City Mayor Marilou Flores-Morillo sa idinaos na Extension Summit na opisyal na binuksan ng Agricultural Training Institute (ATI) - MIMAROPA, sa pangunguna ni Center Director, Pat Andrew B. Barrientos, M.M., J.D., kung saan ito ay nakaangkala sa temang *"Strengthening the Agricultural Extension Through Training Management and Sharing Technological Innovations"*, ginanap sa Vencio's Garden Hotel and Restaurant, Barangay Tawiran, Calapan City, noong ika-25 ng Setyembre.

Ilan sa mga tampok na kaganapan sa nasabing aktibidad ay ang ribbon cutting ceremony, bilang hudyat ng pagsisimula at pagbubukas ng isang booth exhibit na nagpapakita ng agricultural products of Learning Sites for Agriculture (LSA) sa Rehiyon ng MIMAROPA, gayundin ang paglulunsad ng LSA book (LSA Travel Guide) na pinamagatang *"Agri-Venture: Exploring Learning Sites for Agriculture"* (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

VOLUME 3 No. 48 Oct. 07, 2024 - Oct. 13, 2024

JOB FAIR 2024: TAMANG TRABAHO, HANDOG PARA SA MGA CALAPENO

SA pangunguna ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, matagumpay na naisagawa ang *"Job Fair 2024"* na naisakatuparan, sa pamamagitan ng City Public Employment Service Office (P.E.S.O.), sa pamumuno ni Dr. Eder Apolinar M. Redublo (City P.E.S.O. Manager), katuwang ang Department of Labor and Employment (DOLE) - Oriental Mindoro, sa pangunguna nina Mr. Roderick F. Tamacay (DOLE-OrMin Head), at Mr. Ramezes Torres (Sr. Labor and Employment Officer), ginanap sa Divine Word College of Calapan (DWCC) Gymnasium, Calapan City, noong ika-25 ng Setyembre.

Nagbukas ng pinto, para sa mga naghahanap ng trabaho ang mga participating local company katulad ng Toyota Calapan City, RAFi Microfinance, PKI Manufacturing and Technology, Inc., NATCORP Career Growth and Manpower Services, Inc., Nuciti Central Calapan, Cons Beez Call Center Services, ASA Philippines Foundation, Inc., Home Credit, ELT Agri Trading, Citihardware, Citimart Island Mall, at SAMEL Enterprises (Mang Inasal).

Para naman sa International / Overseas, nagbigay ng oportunidad ang mga sumusunod na kumpanya: Earthsmart Human Resources Philipines, Inc., MRDC (Multi-Resources Development Corporation), 1st Northern International Placement, Inc., at Andrews Manpower Consulting, Inc..

Handog naman ng Philippine Statistics Office (PSA) ang free special services, katulad ng PhilSys Registration, Digital National ID Assistance, E-Phil Issuance, TRN Retrieval and Replacement of Peeled-Off Photo, samantalang kaloob naman ng Technical Education And Skills Development Authority (TESDA) ang free hair-cutting, body massage, at manicure/pedicure.

Samantala, nagbigay at nagpakita rin ng pagsuporta sa nasabing aktibidad sina Fr. Renato A. Tampol, SVD, Ph.D. (College President-DWCC), at Fr. Bernardo R. Collera, SVD, RGC (DWCC Job Placement Officer) gayundin sina Chief of Staff, Mr. Joseph Umali, Mr. Jaypee M. Vega (Head of Barangay Affairs & Sectoral Concerns), Former City Councilor Ms. Mylene De Jesus, Ms. Agatha Ilano at Mr. Ruel Cosico (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).